



November 2017
Vol. 1 Issue 4

KABAYAN

Polyetong Pinoy

Gabay Kaalaman para sa mga Pinoy, isinagawa ng TFA


Nilalaman:

<i>Pagsasanay sa Toyohashi City</i>	2
<i>Aprill, Dindo at TFA...</i>	3
<i>Inside Story: The Group of Frogs</i>	3
<i>Basic Japanese Lesson</i>	4
<i>Community Board</i>	4
<i>Announcement</i>	4

Nito lamang nakaraang linggo Nov. 5, ay nagkaroon ng isang programa ang Toyohashi Filipino Association na tinawag na “Gabay Kaalaman para sa mga Pilipino”. Ito ay isang paraan ng pag-bibigay ng mga tamang impormasyon patungkol sa buwis, mga kinakailangang gawin ng mga bagong dating na Pilipino sa lungsod at ilang mga gabay upang madaling makipamuhay sa bansang Hapon.

Ang programang ito ay dinaluhan ng mga naninirahan sa Iwata Danchi at karatig lugar at nagkaroon ng makabuluhang gawain at talakayan ang mga nakiisa sa gawain na iyon.

Matapos ang orientasyon ay masiglang ipinahayag ng mga dumalo na nais nilang magkaroon ng samahan sa kanilang komunidad upang mas higit na mapalakas at matulungan ang mga Pilipinong naninirahan doon. Isang napaka gandang tugon naman ang ipinarating ng samahan ng TFA na handang tumulong sa ating mga kasamahang Pilipino dito sa Toyohashi.



Points to ponder

*“Your value
doesn’t decrease based on
someone’s inability to see you
worth”*

Isang makabuluhang pagsasanay sa Toyohashi City, Inilahad sa mga opisyal at empleyado ng lungsod

Noong nakaraang Miyerkules, ika-1 ng Nobyembre ay aking inilalahad ang lahat ng aking naranasan at mga naisagawa sa panahon ng aking training sa programa ng LGOTP o Local Government Officials Training 2017 dito sa bansang Hapon. Ito ay sinaksihan ng mga empleyado mula sa ibat ibang dibisyon sa pamahalaang lungsod at ibang

mga bisita mula sa TFA at mga organisasyon.

Isang napakalaking pagkakatapon ito para sa akin na maranasan ang mamuhay sa isang payapa at malinis na Lungsod at malaman at masaksihan ang ibat ibang kultura at uri ng pamumuhay dito. Nakilala ko din ang mga Pilipinong naninirahan at

naunawaan ang kalalagayan at kundisyon ng paninirahan dito sa Toyohashi City.

Nais kong ibahagi sa inyo ang naging kaganapan at mga nilalaman ng aking report at mga karanasan sa aking pagtigil ditto sa Japan.



Kasama ang buong pamunuan ng Multicultural Society and International Affairs Division at opisyal ng TFA na sumaksi ng report presentation.

Inilalahad ng inyong lingkod ang kabuuan ng aking pagsasanay dito sa Japan.



Aprillyn, Dindo at TFA naka-feature sa ibat ibang newsletter

By : Dindo M. Abueg

Nakaka-proud na makita na nakalathala sa isang newsletter na ipinamamahagi dito sa buong lungsod ang ilan sa mga kababayan natin. Tulad na lang ni Aprillyn Sato na nasa front page ng Communi Station. Dito ay inilalahad ni Aprill ang kanyang mga naging karanasan at pagsisikap na maging maayos ang kanyang pamumuhay dito sa lungsod. Bagamat madaming mga pinagdaanan, pinilit niyang malampasan ang mga iyon upang makamit ang ilan sa kanyang mga hangarin sa buhay. Ang ibinahaging karanasan at naging buhay noon ni Aprill ay maaaring makapagbigay inspirasyon sa ilan nating kababayan.

Parte din ng newsletter ang article patungkol sa TFA na siyang ibinahagi ng ating kasamahan at Presidente na si Nora Tozawa. Dito inilalahad ni Nora san ang mga layunin at mga kaganapan sa TFA.

Napasama din ang inyong lingkod na ma-feature sa isang lokal na pahayagan na ipinamamahagi sa buong lungsod. Dito ay aking inilalahad ang aking pinagmulan, ang aking layunin sa pagpasok sa training, at ang aking mga naging karanasan habang ako ay nag-sasagawa ng training dito sa Toyohashi City.



The Group of Frogs

As a group of frogs were traveling through the woods, two of them fell into a deep pit. When the other frogs crowded around the pit and saw how deep it was, they told the two frogs that there was no hope left for them.

However, the two frogs decided to ignore what the others were saying and they proceeded to try and jump out of the pit. Despite their efforts, the group of frogs at the top of the pit were still saying that they

should just give up. That they would never make it out.

Eventually, one of the frogs took heed to what the others were saying and he gave up, falling down to his death. The other frog continued to jump as hard as he could. Again, the crowd of frogs yelled at him to stop the pain and just die. He jumped even harder and finally made it out. When he got out, the other frogs said, "Did you not hear us?"

The frog explained to them that he

was deaf. He thought they were encouraging him the entire time.

Moral of the story: People's words can have a big effect on other's lives. Think about what you say before it comes out of your mouth. It might just be the difference between life and death. -Dan Western-

"Think about what you say before it comes out of your mouth"



*Reach out, build connections and
live a happy life in Toyohashi.*

Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari
nyong i-message sa FB page (private message)
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng
mga artikulo o istorya, anunsiyo o
pagbati, maaari nyong ipadala sa tang-
gapan.

Basic Japanese Lesson

Japanese Vocabulary for Meal times/Food		
Breakfast	朝食	Chōshoku
Lunch	ランチ	Ranchi
Dinner	夕食	Yūshoku
Coffee	コーヒー	Kōhī
Fish	魚	Sakana
Milk	牛乳	Gyūnyū
Onion	タマネギ	Tamanegi
Salad	サラダ	Sarada
Beverage	飲料	Inryō
Tea	茶	Cha
Cake	ケーキ	Kēki
Sausage	ソーセージ	Sōsēji
Cheese	チーズ	Chīzu

Community Board



Tuwing Lunes
7:30 pm ~ 9:00 pm

Para sa mga nais MAGKATRABAHO!

Libre!

Proyekto Para sa mga Dayuhang Mamamayan

Pagkakataon na para **magkatrabaho ng Regular**
sa Toyohashi!

Maaaring mag-apply :

- Sa mga nais makahanap ng regular na trabaho sa Toyohashi
- Mga taong marunong magsalita at makaintindi ng Nihongo na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay, marunong magsulat at magbasa ng hiragana at katakana
- Mga taong may visa na maaaring magtrabaho (permanent visa, long-term visa, atbp.)

**Magkakaroon ng Job Interview sa
December 14, 2017**

Detalye ng proyekto

1 • Pagsasanay para sa Nihongo/"business manner"

[Sa mga nais pang matuto ng "Japanese Language" at "Business Manner", maaari pang pumasok at mag aral]
Mag-aaral ng nihongo at "business manner". Tuwing Lunes at Miyerkules 15:00-17:00, Martes at Biyernes 10:00-12:00

2 • Panayam o "Interview"

[Job Interview sa December 14, 2017,
10:00 ng umaga sa Toyohashi City hall]

Magkakaroon ng "interview" mula sa isang tao sa kumpanya.

3 • Pagtatrabaho [Pagtatrabaho mula Enero hanggang Marso]

Humigit kumulang 2 buwan magtatrabaho sa kumpanya.

→Kung ang hangarin ng bawat isa ay nagtugma,
may pagkakataon na ikaw ay maging isang **regular na empleyado.**



Habang
nagtatrabaho ay
makakakuha ng
suweldo!

Mga dapat tandaan

- Ang mga taong may "fulltime" na trabaho, nagpapatakbo ng sariling negosyo at nagtatrabaho ng 30 oras o higit pa kada linggo ay hindi maaaring mag-apply.
- Sa interview, hindi garantisado na maaapyan mo ang ninanais na trabaho.
- Hindi rin sigurado na magiging regular kang empleyado.

Ang "application
form" ay nasa likod!

Para sa iba pang impormasyon magtanong sa Toyohashi
City Hall Multicultural Society and International Division.
TEL: 0532-51-2022 FAX: 0532-56-2110
E-mail: kyoseikokusai@city.toyohashi.lg.jp

